



CHECKLIST


- ☒ Suriin kung malinis ang air filter at ugaliing palitan ang langis sa takdang panahon kung kailan ito naka-schedule.
- ☒ Inspeksyunin ang mga fan belt at siguraduhing maayos, walang lamat at mahigpit ang pagkakabit nito.
- ☒ Pakiramdaman ang kakaibang tunog ng makina.
- ☒ Inspeksyunin ang mga radiator hose at siguraduhin na walang bitak, punit o paglalambot.

BAGO BUMIYAHE TINGNAN ANG MGA SUMUSUNOD:


Dami ng gasolina o diesel sa tangke, langis ng makina at tubig sa radiator.



Posibleng tagas sa lalagyan ng gasolina/diesel, langis at tubig.



Kondisyon ng fan belt, clutch, brake, gulong at baterya.



Plano ng biyahe upang mapag-isa ang mga lugar na magkakatapit para masulit ang paggamit ng sasakyan at makatipid sa gasolina at oras.



Para sa karagdagang kaalaman o impormasyon,
tumawag sa telepono
bilang (02) 4792900 locals 214, 205;

Telefax: (02) 8402243

O ipadala ang mga katanungan sa
Enertext: DOE<space><message>
tapos ipadala sa 2920

DEPARTMENT OF ENERGY
ENERGY CENTER,
FORT BONIFACIO
TAGUIG, METRO MANILA

BRIGHT NOW!
DO RIGHT. BE BRIGHT.



TIPS PARA SA DRIVER NG SASAKYAN:




Mas mainam magpakarga ng gasolina sa umaga kaysa sa tanghali.

Makakatipid ng 5-10% sa konsumo ng gasolina kung may sapat na hangin ang gulong.




Magkarga ng pasahero o ng mga gamit na naaayon sa kapasidad ng sasakyan. Ang pagkarga ng labis ay mas makonsumo sa gasolina lalo na sa paakyat na daan sa kadahilanang palaging irerebolusyon ng mataas ang makina para ito'y makaahon ng paakyat.

Umiwas sa trapiko sa pamamagitan ng paggamit ng alternate routes.



Bawasan ang paggamit ng aircon kung malamig naman ang panahon. Karagdagang load ito sa makina ng sasakyan na kumukonsumo ng mahigit sa 10% na gasolina kaysa pangkaraniwan.

Iwasan hangga't maaari ang reverse gear maneuvers lalo na sa pag-park ng sasakyan



Iwasan ang biglaang arangkada o pagpapatulin o pagkarera sa daan.

Maging palaging alerto sa kalsada.



Hangga't maari ay panatiliing katamtaman ang tulin ng sasakyan upang maiwasan ang pabigla-biglang pag-preno na makaka-aksaya ng gasolina. Napag-alaman na makakatipid ng 25% sa konsumo ng gasolina kung ibababa ang takbo mula 120 hanggang 80 kilometro kada oras.



Hangga't maari huwag pabayaang naka-idling ang sasakyan ng labis sa tatlong minuto; sa ganitong pagkakataon dalawang (2) litro ng gasolina o krudo kada oras ang karagdagang nauubos.



Ugaliing ipa-check-up ang sasakyan upang maagapan at maayos ang konting diperensya kung mayroon man. Ang anim na buwang pagitan bawat tune-up ay kanais-nais..

Iwasan ang aksaya!

Isara ng maigi ang lalagyan ng gasolina upang hindi sumingaw o tumagas.

